# Future Hope

## Ang Pananampalataya sa Pananaw ng Pagdating ni Cristo

WEEK 1

### WARM-UP

- Kung matuturuan ka ng kahit na sino, sino ang pipiliin mong maging tagapagturo? Bakit?
- Nakatanggap ka na ba ng isang pisikal na liham, maikling sulat, o kaya ay *greeting card*? Ikuwento kung sino ang nagpadala nito at kung ano ang nakalagay dito.
- Isipin ang isang pelikula o serye na napanood mo tungkol sa katapusan ng mundo. Ano ang opinyon mo tungkol dito?

### WORD

9 *Sapagkat sila mismo ang nagbabalita kung paano n'yo kami tinanggap, at kung paano n'yo tinalikuran ang pagsamba sa mga diyos-diyosan para maglingkod sa tunay at buhay na Diyos.* 10 *At sila na rin ang nagsasabi tungkol sa paghihintay n'yo sa pagbabalik ng Anak ng Diyos mula sa langit, na walang iba kundi si Jesus na muli niyang binuhay. Siya ang magliligtas sa atin sa darating na kaparusahan.* **1 TESALONICA 1:9–10**

(Basahin din ang **1 TESALONICA 1:1–8.**)

Sumulat sina Pablo, Silas, at Timoteo upang magbigay kalakasan sa bagong iglesya sa Tesalonica. Ang pangkat na ito na nagtatag ng iglesya ay nangaral ng ebanghelyo at nagtatag ng isang lumalagong iglesya doon, subalit sila ay inusig dahil sa ebanghelyo at kinailangan nilang iwan ang mga bagong mananampalataya. Gaya ng inaasahan, sila ay nangamba at nais nilang malaman ang kalagayan ng iglesya, kung kaya't ipinadala nila si Timoteo upang bisitahin sila. Napanatag sila nang marinig ang mabuting balita ni Timoteo tungkol sa pananampalataya at pag-ibig ng mga mananampalataya sa Diyos. Ang ilan sa mga paksang tinalakay sa liham ay ang pamumuhay ng mga mananampalataya nang may kaalaman na muling babalik si Cristo, ang ganap na pagtatatag ng Kanyang kaharian, at ang paparating Niyang paghuhukom at pagbibigay ng gantimpala. Nais ni Pablo at ng mga kasama

niyang nagtatag ng iglesya na gabayan at turuan ang mga bagong mananampalataya, lalo pa't hindi sila maaaring magsama-sama. Sa mga susunod na linggo, maaari tayong matuto mula kina Pablo, Silas, at Timoteo at maging sa iglesya sa Tesalonica. Sa araling ito, titingnan natin kung paano binabago ng ebanghelyo ang ating buhay.

## 1 Binabago ng ebanghelyo ang direksyon ng buhay natin.

*4Mga kapatid na minamahal ng Diyos, nagpapasalamat din kami dahil alam naming pinili niya kayo para sa kanya, 5dahil tinanggap n'yo ang Magandang Balita na ipinahayag namin sa inyo. Dumating ito sa inyo hindi lang sa salita kundi sa pamamagitan din ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at may katiyakan na totoo ang ipinangaral namin sa inyo. Alam ninyo kung paano kami namuhay noong nasa inyo kami — ginawa namin ito para sa kabutihan ninyo. 6Tinularan n'yo ang pamumuhay namin at ng Panginoon, dahil tinanggap n'yo ang salita ng Diyos kahit dumanas kayo ng hirap. Ganoon pa man, tinanggap n'yo ito nang may kagalakan na galing sa Banal na Espiritu.* **1 TESALONICA 1:4–6**

Ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay nakarinig at tumugon sa ebanghelyo nang may pananampalataya. Dahil dito, hindi lamang nila tinutularan ang mga nangaral sa kanila kundi pati ang Panginoon. Matapos nilang makilala ang Banal na Espiritu at maging bukas ang kanilang mga puso sa ebanghelyo, sila ay nakaranas ng pagbabago. At kahit pa nangangahulugan ito ng pag-uusig at pagdurusa, nakatuon sila sa pagsunod kay Cristo. Paano binago ng ebanghelyo ang direksyon ng buhay mo?

## 2 Binabago ng ebanghelyo ang nilalaman ng puso natin.

*Sapagkat sila mismo ang nagbabalita kung paano n'yo kami tinanggap, at kung paano n'yo tinalikuran ang pagsamba sa mga diyos-diyosan para maglingkod sa tunay at buhay na Diyos.*
**1 TESALONICA 1:9**

Mula sa paglilingkod sa mga diyos-diyosan patungo sa paglilingkod sa Diyos, ang mga mananampalataya sa Tesalonica ay nagkaroon ng bagong pag-ibig. Ang kanilang puso, isipan, at kaluluwa ay hindi na nakatuon sa mga sinamba nilang diyos-diyosan. Bagama't hindi tayo pisikal na sumasamba sa mga diyos-diyosan, ang mga puso natin ay maaaring maging bihag ng paghahangad ng mga pansarili nating kapakanan, at paghahangad ng mga ibinibigay ng mundo. Sa iyong palagay, paano natin malalaman kung tunay ngang nabago na ng ebanghelyo ang nilalaman ng puso natin? Ayon sa 1 Tesalonica 1:3, ano ang naaalala nina Pablo, Silas, at Timoteo tungkol sa mga taga-Tesalonica?

## 3 Binabago ng ebanghelyo ang disposisyon natin.

*At sila na rin ang nagsasabi tungkol sa paghihintay n'yo sa pagbabalik ng Anak ng Diyos mula sa langit, na walang iba kundi si Jesus na muli niyang binuhay. Siya ang magliligtas sa atin sa darating na kaparusahan.* **1 TESALONICA 1:10**

Ang tagasunod ni Cristo ay hindi lamang umaasa sa Diyos para sa kanyang buhay. Sa katotohanan, ang katuparan ng ating pag-asa ay nasa dakilang pagbabalik ni Cristo. Ang mga mananampalataya ay umaasa dito nang may ganap na pananabik, nagtitiwala na balang araw, mararanasan ang tunay na kasiyahan, mabibigyan ng gantimpala ang mga tapat na naglilingkod sa Diyos, maipapataw ang hustisya, at magpapanumbalik ang Kanyang kaharian. Paano naaapektuhan ng katiyakan ng pagbabalik ni Cristo ang paraan natin ng pamumuhay ngayon?

## APPLICATION

- Binago na ba ng ebanghelyo ang direksyon ng buhay mo? Sa loob ng dalawang minuto, ibahagi kung ano ang naging buhay mo bago mo nakilala si Cristo, kung paano mo Siya nakilala, at kung paano ka Niya binago. Kanino mo maaaring ibahagi ang iyong patotoo ngayong linggo? (O kaya ay magbigay ng pagkakataon sa lahat na tumugon ngayon sa ebanghelyo.)
- Saan mo inilalaan ang iyong pagmamahal? Handa ka bang isuko ang mga ito at talikuran ang mga diyos-diyosang pinagsisilbihan mo upang mapalapit ka sa Diyos?
- Sa iyong palagay, paano ka dapat mamuhay sa ilalim ng pananaw na muling darating si Cristo? Sino ang maaari mong hikayating gawin din ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos para sa mga taong ipinapadala Niya sa buhay natin upang makilala natin Siya at sumunod tayo sa Kanya. Maghayag ng pagpapala sa mga nangaral sa iyo ng ebanghelyo at tumulong sa iyo na lumago sa pananampalataya.
- Ipanalangin na mamuhay ka nang may pananampalataya sa ilalim ng pananaw na muling magbabalik si Cristo. Ipanalangin na ang pagmamahal mo ay manatiling kay Cristo lamang.
- Hingin sa Diyos ang karunungan, habag, at pagsusumikap na ipangaral ang ebanghelyo at mahalin ang iba gaya ng pagmamahal sa iyo ni Cristo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph